

CHAPTER *One*

*U*nang tingin pa lang ay mahahalata nang kakaibang bata si Nella. Unang tapak pa lang sa palengke noong limang taong gulang para maghatid ng isang sako ng mga halamang-gamot ay nagilalas na ang mga tao sa sobrang kapal at haba ng kulot niyang buhok.

Parang puro buhok nga na naglalakad dahil kung titingnan ay parang higit pa sa isang pye ang kapal ng buhok ng bata mula sa anit. Lampas-puwit pa man din ang haba. Hindi rin nakatulong na patpatin ang katawan at sobrang liit ng mukha.

“Aling Kora, ito na po ang mga dahon,” sabi ni Nella sa tindera sa palengke habang hawak-hawak ang sako. Galing pa ng bundok ang bata, naglakad nang tatlong oras para maihatid ang mga halamang-gamot

na paboritong bilhin ng mga tao para sa beri-beri, rayuma at iba't ibang uri ng sugat at sakit sa balat.

“Ilagay mo diyan!” utos ng tindera kay Nella habang parang lawin na nakatingin sa bata, tila iniisip na mandadampot ng gamit ang paslit.

Inilagay ng batang si Nella ang sako sa gilid at inabot ang bayad na bigay ng tindera. Mayamaya ay humihingal na ang bata.

“Umaandar na naman ang hika mo? Bakit kasi hindi mo sabihan ang nanay mo na dalhin ka sa ospital para mapatingnan sa doktor?” anang tindera.

Iling ang tanging sagot ng bata saka tumalikod para makapamilya.

Napailing ang tindera. Sa totoo lang ay naaawa rin ito sa bata. Masipag si Nella. Iyon nga lang, pabaya ang nanay na si Oka Maring. Bruha kasi! Iyong totoong bruha na kinatatakutan ng lahat. Minsan ay may nakaaway ang tindera. Ipinausog nito kay Oka Maring. Tingin naman nito ay tumalab.

Dumerecho si Nella sa tindahan ni Lola Aning. Pakiramdam ng bata ay para siyang manok na itinataboy ng karamihan sa mga tindera kaya doon na lang siya sa matanda pupunta. Mabait ito sa kanya. Pagkabili nga niya ng bigas at tinapay ay binigyan siya nito ng isang lollipop.

“Ipagamot mo ang hika mong ’yan, Nella, ha. Sabihan mo ang nanay mo,” bilin ng matanda.

“Opo!” sagot niya sabay takbo sa labas ng palengke.

Nagtago siya sa katawan ng puno ng balete at binuksan ang lollipop. Hindi pa niya naisusubo ay napahingal na naman siya. Hindi siya makahinga.

“Ibibigay mo sa akin ’yan o hindi ka na makakahinga nang tuluyan,” sabi ng boses sa loob ng buhok niya.

Ikaw ba naman ang sakalin, hindi mo ba agad-agad isusuko ang hawak mo? Kanina, inuutusan siya nitong magnakaw ng mansanas, pero dahil nabugbog na siya minsan ng isang tinder, tiniis na lamang ni Nella ang pananakal ng nilalang na nakatira sa kanyang buhok.

Nang itaas niya ang lollipop sa tuktok ng ulo niya ay may maliliit na kamay na humablot doon. Rinig na rinig niya pagkatapos ang sarap na sarap na pagdila sa loob ng buhok niya. Nakita na lang niyang nahulog ang hawakan ng lollipop sa lupa, wala nang natira. Pinulot niya iyon at inilagay sa bibig. Kahit kaunting katas ng tamis ay masaya na siya.

Naglakad na siya pauwi. Habang sa daan ay may nakita siyang dawalang maliliit na laruang kotse na minamaneho ng dalawang batang lalaki. Natuwa siya kaya tumakbo siya para makapanood. Gusto niyang magkaroon ng ganyan. Parang totoo talagang kotse pero maliit at kasya talaga ang bata.

“Yan ang sinasabi ko sa ’yong bruha!” sigaw ng isang bata sa kalaro nito habang itinuturo siya. Kilala niya ito. Apo ito ng may-ari ng *Hacienda Ybarra*.

“Really? Is she a real *bruja*?” tanong ng isang mestizuhing bata.

“Yes! A crazy *bruja*! Kinakausap niya ang sarili niya na parang baliw!”

“Okay! Let’s kill the bruha!”

At namilog na lamang ang mga mata ni Nella nang mabilis na umandar ang mga kotse papunta sa kanya. Napatakbo siya habang sinusundan siya ng dalawang batang nakasakay sa laruang kotse.

“Let’s kill the bruha!” sigaw ng dalawa.

Natakot siya. Tumakbo siya nang tumakbo hanggang sa mapunta sa putikan. Kinain ng lupa ang mga paa niya, at natuklasan niyang kumunoy pala ang kanyang naapakan. Unti-unti siyang lumubog.

“Bobo ka kasi! Bakit dito ka tumakbo?” sigaw ng nasa loob ng buhok niya. “Bahala ka sa sarili mo!” At naramdaman ni Nella na nawala ang bigat sa mga balikat niya. Iniwan na siya ng kakambal. Mukhang tumalon ito palayo.

At naramdaman niyang may isang batong tumama sa noo niya. Nakita niyang patuloy na pumupulot ng mga bato ang dalawang bata para pukulin siya.

Wala na siyang nagawa kundi ang umiyak. Hindi niya talaga maiahon ang katawan.

“Witch!” sigaw ng mga bata habang binabato siya.

“You morons!” sigaw ng isang tinig na umagaw sa atensyon ng mga bata. Isang binatilyo ang dumating at sinuntok nito at sinipa ang dalawang bata. “Are you going to kill her, dimwits?” Binatukan pa nito ang dalawa bago lumapit sa kinalulunuyan niya.

Ang kaso, nalubog din sa kumunoy ang isang paa nito kaya napahakbang ito pabalik. Kumuha ito ng sanga ng kahoy at inabot sa kanya.

“Hawakan mong maigi!” sigaw nito sa kanya.

Hinawakan nga niya iyon nang mahigpit at buong puwersa siyang hinatak ng binatilyo. Nang mahila siya nang kaunti ay hinagip nito ang mga palad niya at napasigaw nang malakas habang binabawi siya mula sa kumunoy. Natumba ito, hinihinal nang tuluyan silang makawala.

Pagkuwa’y naupo ito at tinanong siya. “Are you okay?”

Hikbi ang kanyang tanging sagot.

Dinampot ng binatilyo ang isang bato at ipinukol sa direksyon ng dalawang batang umilag bago tumakbo palayo.

“Saan ka ba umuuwi? Ihahatid na kita sa inyo,” tanong nito.

Umiling siya.

“Okay. If that’s what you want. Mag-ingat ka na lang sa dinadaan mo. Maputik kasi rito.” Tumalikod na ito at sinundan ang dalawang bata.

Naiwan naman siyang mag-isa. Nang nahimasmasan ay ipinagpatuloy na ni Nella ang paglalakad pauwi. Bago makarating sa kanila ay lumusong muna siya sa ilog para malinis ang suot na damit. Mabuti na lamang at hindi siya napuruhan mula sa mga inihagis na bato sa kanya. Pero may mga bukol siya.

Nakarating siya sa kanila bandang dapit-hapon na. May usok nang lumalabas mula sa kanilang dampang. Nagluluto na siguro ang kanyang ina ng kamoteng hapunan nila. Nandoon na ang kanyang ate. Ang kambal niya ay siguradong nasa balikat na ng kanyang ina.

Umupo siya sa tabi ng ate niya at nagkuwento tungkol sa binatilyo.

“Ang bait niya, Ate! Kung hindi dahil sa kanya ay patay na ako ngayon!”

“Guwapo ba?”

“Oo.” Tumayo siya at kinuha ang karton na ginagamit nilang pamaypay sa uling kapag nagluluto.

Ang pamaypay na iyon ay ipinamigay noong panahon ng pangangampanya ni Gobernador Ybarra. Nasa litrato roon ang binatilyong may pangalang Daniel Ybarra.

“Ito siya, Ate, o!”

Napangiti ang kapatid niya at hinablot sa kanya ang karton. Nagdadalaga na kasi ito kaya palaging kinikilig.

“Sana ako na lang ang nalunod sa kumunoy! Ang pogi niyang moreno!”

Napahagikgik din si Nella. Kaibigan niya kasi ang ate niya kapag maganda ang mood nito, pero kapag may sumpung, mas malupit pa ito kaysa sa kakambal niya.

“Parang may mabigat sa balikat ko, ah!” sabi ng ate niya.

Malamang sumakay sa balikat nito ang kakambal

niya para makiusyoso rin sa pinag-uusapan nila. Inabot ng ate niya ang ulo nito at may sinakal doon. Ayaw kasi nito na sinasakyan sa balikat.

“Nanay! Nanay!” iyak ng kakambal niya.

Lumapit naman ang ina nila at binatang ang ate niya. Malaki at matangkad ang ina kaya tumilapon sa gilid si Edna.

“Ganyan na nga ang kapatid n’yo, kakawawain n’yo pa!” singhal ni Oka Maring sa kanila. Palagi nitong kinakampihan si Sigbina dahil nga hindi raw normal na tulad nila.

Ipinanganak na maliit ang kakambal niya, ’tapos hindi na lumaki. Hindi rin ito makatayo nang maigi kaya pati ang maiikling kamay ay ginagawang paa. Hindi nila ito hinahayaang makita ng iba, lalo’t maraming mapamahiin sa lugar nila. Baka damputin ng mga ito si Sigbina.

May tiyahin sila noon na sigbinin, hinuli at hindi na nila nakita pa. Hula nila, ibinenta ito bilang talisman dahil nga maraming naniniwala na suwerte ang sigbin.

Iyong isang lola nilang sigbinin ay dinampot din. Hinanap daw ng ilang taon hanggang sa matagpuan sa circus, wala nang buhay—nasa loob na ng isang boteng may formalin.

Iyon ang mga dahilan kung bakit itinatago ng ina nila si Sigbina.

“Nasaan ang pera?” singhal ng ina sa kanya.

Kinuha naman ni Nella ang pera mula sa bulsa at

iniabot iyon sa ina. Tumakbo siya pagkatapos at kinuha ang bag niya para gumawa ng assignment.

Nag-aaral kasi siya. Grade II siya at sa kabilang bundok ang mababang paaralang pinapasukan niya. Nag-alala siya nang hindi makita ang hiniram na libro.

“Nanay, nawawala ang libro ko! Sino ang kumuha? Pinahiram lang sa akin ’yon ni Ma’am Anne.”

“Wala na kasing papel na panggatong kanina. Hiniram ko lang. Heto ang tira!” Isinauli nga ng ina niya ang libro.

Halos maiyak si Nella nang makitang punit na ang ilang pahina. Hindi na siya nagreklamo dahil baka pahintuin lang siya ng pag-aaral.

Halos hindi siya makatulog sa kakaisip kung paano kakausapin ang guro niya bukas. Kinaumagahan ay mabigat ang dibdib niyang tumawid patungo sa kabilang bundok para pumasok sa eskwelahan. Lumapit siya kay Ma’am Anne at humingi ng pasensya habang sinasauli ang libro.

“Hayaan mo na, Nella,. Kakausapin ko na lang ang nanay mo bukas,” sabi ng mabait na guro.

Ang totoo niyan ay ilang beses na nitong kinausap ang nanay niya pero binungangaan lang siya ni Oka Maring.

Nang nagkaklase na sila ay hindi pa rin siya mapalagay. May plano kasi siya ngayong araw. Pagdating ng alas doce kung saan ang mga Grade III naman ang gagamit ng kanilang silid-aralan, tumakbo

siya papunta sa kanyang secret garden. May napulot kasi siyang mga buto ng pakwan sa basurahan sa palengke. Tinanim niya ito roon at tumubo naman nang kay tataba dahil pinupuno niya ng mga dumi ng kuneho.

Tuwing matatapos ang klase ay tumatakbo siya roon para kumain ng pakwan. Hindi naman kasi siya sinasamahan ni Sigbina sa eskwelahan dahil tinatamad itong mag-aral, kaya hindi nito alam ang sekreto niya. At natutuwa siya ngayon dahil may bunga itong sobrang laki. Sobrang laki talaga na parang kasya ang apat na ulo niya.

Kinatok niya ang pakwan. Mukhang hinog na ito. Pinitas niya iyon, inilagay sa sako at ibinaba ng bundok. Sobrang bigat kaya hingal na hingal siya nang marating niya ang patag. Dumerecho siya sa *Hacienda Ybarra*. Hinarang siya ng guwardiya sa gate ng puting mansion.

“Bakit ka nandito? Magnanakaw ka ano?” sabi ng guwardiya.

“Hindi po! Ibibigay ko sana ’to kay Sir Daniel para po magpasalamat,” ang sabi niya sabay baba ng sako sa lupa.

“Aalis ka o ipapahabol kita sa aso!” banta ng guwardiya.

“Ibigay ko lang po kay Sir Daniel ito,” giit niya.

“Alis!” taboy nito sa kanya.

Binitawan ng guwardiya ang tali ng hawak nitong aso kaya wala na siyang mapagpilian kundi ang

tumakbo. Hindi na niya nadala ang pakwan dahil hindi siya makakatakbo nang mabilis kung buhat niya iyon. Malayo rin ang tinakbo ni Nella bago siya nakarating sa ligtas na puwesto. Hinihingal siyang naglakad pauwi sa kanila.

Nang sumunod na araw ay bumalik uli siya sa mansion para alamin kung ano ang nangyari sa pakwan. Nagtago siya sa pinakamalapit na punongkahoy, nag-aalalang baka ipahabol uli siya sa aso.

Wala na roon ang sako ng pakwan. Baka kinain na ng mga guwardiya. Bumalik pa siya nang ilang beses doon pero hindi na niya nakita ang binatilyong apo ng gobernador. Kahit nang magdalaga na si Nella ay hindi na niya uli ito nasilayan.

CHAPTER *Two*

*N*ililinis na ang harapan ng *Mansion Ybarra*. Pinuputulan ng damo at ang mga sulok ay tinataniman ng dagdag na mga *bromeliads* para magmukhang buhay na buhay ang lugar. Gaganapin kasi ang 80th birthday ng dating gobernador sa susunod na buwan. Kumpleto ang pamilya kaya bongga ang mangyayaring kaarawan.

Ikalawang linggo ng Abril ay dumating si Matthew at ang mga kabarkada nito. Plano nilang akyatin ang *Mt. Kariko* na malapit lang doon. Mataas ito at nasa Difficulty 9/9 ayon sa specs kaya mag-ti-training muna sila.

Dalawang araw pagkadating nila ay dumating din ang Half-German nilang pinsan na si Cedrick kasama ang Turkish girlfriend nito. Sasama raw ang dalawa sa

plano nilang hiking.

Plano nilang akyatin muna ang mas mababang *Bundok ng Silanghaw* bago nila akyatin ang *Kariko*. Biyernes ng umaga ay nasa daan na sila papunta sa *Sangguban Mountain Range* kasama ng dalawang guide.

Naglalakad na sila nang makita ang kasalubong— isang babaeng may napakakapal na kulot na buhok. Hila-hila nito ang isang kalabaw na may pasan-pasang sako.

Napasiksik ang mga kasamahan nilang babae, parang natakot. Sina Matthew at Cedrick ay kapwa natawa.

“Hoy, Matthew! Di ba ’yan ang bruha na muntik mo nang patayin noong bata pa tayo?”

“Di ba ikaw ’yun?” balik ni Matthew, at tumawa. “Imagine kung napatay mo ’yan, eh, di nasa kulungan ka ngayon.”

“Gago! Kasama ka!”

Napailing sila at napag-usapan ang nakakatanda nilang pinsang si Daniel. Kapag nasagsama-sama kasi silang magpipinsan ay tinutukso nila si Daniel sa bruha.

“Naalala mo iyong pakwan?” tanong ni Cedrick.

Napaluhod sa katatawa si Matthew.

Galing silang tatlo sa pangingsda sa ilog noon nang makita ni Cedrick ang pakwan. Sabi ng guwardiya, huwag daw nilang kakainin dahil galing sa bruha. Baka raw may lason o gayuma. Ipinabibigay nga raw kay Daniel.

Itinaboy raw ng guwardiya ang bruha.

Hindi nila kinuha ang pakwan dahil bawal nga raw, pero sobrang laki talaga at mukhang masarap kaya kinagabihan ay nagplano silang kunin iyon at kainin. Ano ba naman ang paki nilang mga bata sa gayuma? Pero wala na roon ang pakwan sa dating kinalalagyan! Hindi rin alam ng guwardiya kung saan napunta.

Nang sumunod na araw ay naglaro sila ng tagu-taguan. Pagtago ni Matthew sa kama ni Daniel ay nakita nitong naroon ang pakwan sa ilalim ng higaan nito. Simula noon, ang tawag nila kay Daniel ay Kuya Pax, short for pakwan.

Tiningnan nga nila ang papalapit na babae. Pareho pa rin ang hitsura nito—sobrang kapal ng buhok at mga kilay. Ang kaibahan lang ngayon ay ang tangkad, parang 5'9 o 5'10.

Pagkakita nga sa kanila ay napakunot ang noo nito na parang kinikilala sila, pero mabilis ding napayuko.

“Kinakausap pa rin ba ang sarili, Mang Badoy?” tanong ni Matthew sa kasama nilang guide.

“Hindi na. Ipinasok nga kasi ’yan noon sa mental hospital. Isang taon din doon ’yan hanggang sa pinalabas din dahil daw may sinaksak. Ewan nga. Marami kasing mga haka-hakang naglabasan kung bakit nakalabas ’yan. Basta simula noon ay parang tumino. Tahimik na palagi.”

Hindi na kasi sila nakabalik dito sa probinsya dahil sa Europe silang lahat nag-aral. Kung umuwi man sila

sa Pilipinas ay doon lang sila nagkikita-kita sa Maynila.

“Is it true that she’s a witch?” tanong sa kanya ni Ava. Nagdi-date sila nito ngayon. Graphic artist ito sa isang advertising firm sa Norway at Filipina rin.

“Yan ang kuwento-kuwento ng mga taga-dito. Buong pamilya sila ’yan na ganyan. Kapag may gustong ipakulam ang mga tao rito, umaakyat sila sa bundok para hanapin ang mga ’yan.”

Ninerbiyos ang hitsura ni Ava.

“Don’t worry, babe! I’m here. Nothing’s gonna happen to you!” Inakbayan niya ito at bumuntot sila sa mga kasamahang nanunulay sa tabi ng palayan.



Abala sa papakain ng mga alagang kuneho si Nella nang marinig ang dumadagundong na tawa ng kanyang Ate Edna. Mukhang maganda ang mood nito. Mayamaya ay nakita niya itong papalapit at may bitbit na isang supot ng bigas. Hindi tulad niya ay ipinagupit nito ang buhok hanggang sa ilalim ng tainga at inahit ang mga kilay para eyeliner na lang ang nakalinya sa ibabaw ng mga mata nito. At sa sobrang taba, dabyana ang tawag ng karamihan dito. Paano kasi, kung kumain, pati pinggan ay gustong nguyain. Kung magsuot ito ng damit ay labas na ang kaluluwa.

“Oy, Nella, nakita mo ba ang mga apo ni Gobernador? Ang guguwapo!” kilig na kilig na sabi ng ate niya. Mahilig kasi ito sa guwapo.

“Yong mga salbahe?” Hindi niya makalimutang

gusto siyang patayin ng mga ito noon.

“Ang magagandang ugali, madaling hanapin dito ’yan. Ang mga guwapo hindi!” sabi ng ate niya sabay abot ng bigas. “Lutuin mo ’yan!” utos nito sa kanya.

Pumunta siya sa likod-bahay para hugasan ang bigas sa water pump.

“Parang guwapo nga!” sabi ng boses na nasa buhok niya. “Parang type ko ’yong tisoy.”

Hindi siya nagbigay ng reaksiyon. Simula nang magdalaga siya at kinaladkad papuntang mental hospital ay natuto na siyang huwag pansinin itong kakambal na laging nasa balikat niya.

Naramdaman niyang gumaan ang pasan niya. Dumating kasi ang nanay nila. Lumipat dito si Sigbina.

“Ay talaga! May crush na pala ang anak ko,” sabi ng matanda.

“Matagal na!” sagot ng maliit na boses.

Humalakhak ang ate niya. “Wah, kawawa!” parinig nito. Hindi matapos-tapos ang away nito at ni Sigbina.

“Baboy!” parinig ng isa.

“Baboy man ang kagandahan ko, ang importante ay nakakalabas naman sa kural,” sagot ng ate niya. “Eh, ikaw? Kailangan pang itago. Walang silbi!”

Hindi nagpatalo si Sigbina. Ang kabuhayan na ni Edna ang tinira nito, na kesyo raw umaakyat sa mga trak ang kapatid at nagbebenta ng laman.

“Nella, huwag mong pakainin ang pagigat na ’yan! Kelan ba nagkaroon ng silbi ’yan?” sabi ng ate niya.

“Tumahimik ka!” sigaw ni Oka Maring kay Edna.

Mula noon hanggang ngayon ay kampi ang nanay nila sa nakasakay sa mga balikat nito dahil nga raw kawawa.

Hindi siya umimik dahil ayaw niyang sumali sa away ng mga ito. Kapag kumampi siya kahit kanino ay patay siya sa isa. Ang kanilang ina nga lang ang hindi makaya-kaya ng dalawa dahil siguradong malalapnos ang balat ng mga ito kapag napuno ang matanda.

Tulad ng nakagawian, naligo muna siya bago natulog sa papag, sa tabi ni Edna. At gabi-gabi bago siya gapiin ng antok ay nagdi-daydream siya. Simple lang ang pangarap ni Nella. Kung ang iba nangangarap ng milyones o na makapunta sa kung saan-saang sulok ng mundo, siya ay nangangarap na maging straight at malambot ang buhok.

Sa panaginip nga ay ang buhok niya ang bida. Sinakal raw siya kaya nagising siya nang sobrang aga.

Imbes na bumalik sa pagtulog dahil matunog pa ang hilik ng mga kasama niya sa bahay ay bumangon na siya at naglinis ng bahay. Siya lang ang naglilinis sa kanila. Tinatamad ang iba. Nagluto na rin siya ng agahan at bandang alas siete ay bumaba na siya ng bundok para makapunta sa kabilang barangay.

Tuwing Martes kasi ay nagtatrabaho siyang labandera kay Ma'am Anne. Principal na ito ng *Segundino Bagaid Elementary School* at nakapag-asawa ng isang negosyante ng mais. Papaalis na ang guro nang

dumating siya. Kinuha niya ang mga maruruming damit ng mga bata at dinala sa poso.

Abala siya sa paglalaba nang dumating sa bahay ang isang estudyante ni Ma'am Anne kasama ang katulong sa *Mansion Ybarra*.

"Ate, hinahanap niya kayo!" sabi ng estudyante sabay turo sa katulong.

"Kailangan kasi ng designer ng maraming dahon ng buri at bunga para sa birthday ni Gob," sabi ng katulong. "At kung may peppercorn leaves daw ay mas maigi. Lahat ng klase ng dahon na puwedeng pandekorasyon ay dalhin mo. Marami ang kailangan nila dahil planong magtayo ng tent."

"Ihahanda ko pa. Baka sa isang araw ko pa po maihatid."

"Sige," sabi ng katulong. Nag-abot ito ng ilang dadaanin bilang paunang bayad.

Nang matapos ang labada ay bumalik na si Nella sa bundok at naghanap ng malalaking dahon.

Umuwi lang siya para kumuha ng mga gamit at umalis agad para manguha ng mga dahon. Iniuwi niya iyon sa kanila, bukas niya ibababa. Nang sumunod na araw ay naghanap siya ng peppercorn leaves at nanguha na rin ng mga bunga. Ala una ng hapon ay bumaba siya ng bundok, sakay ng paragag na hila ng kalabaw, papunta sa *Mansion Ybarra*.

"May kainan ba?" tanong ni Sigbina sa kanya.

Dahil walang taong nakatingin ay sinagot niya ito.

“Meron daw.”

“Kuha mo ako ng lechon, ha.”

Hindi siya sumagot.

“Hoy!” sigaw ni Sigbina sabay sakal sa kanya.

Tinabig lamang niya ang kamay ng kakambal. Noong mga bata sila ay kaya siya nitong sakalin. Ngayon ay hindi na dahil lumaki ang leeg niya samantalang ang mga palad at bisig ni Sigbina ay halos hindi na lumaki.

Kung hinahayaan niya itong sumakay sa balikat niya, iyon ay dahil sa kapatid niya ito. Minsan, hindi lang mga palad ang puwedeng sumakal sa isang tao, pati ang responsibilidad.

Marami nang tao nang dumating sila sa mansion. Tatlong taon na yata ang nakakaraan nang magpahanap ng ginseng sa bundok ang gobernador sa kanya. Mabait naman ang matanda. Ang mga katulong ang masasama ang ugali. Minsan kung sino pa ang amo, iyon pa ang asal-tao.

Hindi pamilyar sa kanya ang mga bisita sa hardin. Baka mga kamag-anak ng gobernador mula sa malalayong lugar. Pagpasok nga niya ay huminto ang mga ito sa ginagawa at tumingin sa kanya.

Wala siyang nagawa kundi ang mapayuko habang hila ang mga dahon.

“Nella, dalhin mo dito ang mga dahon!” sabi ng katulong na kumausap sa kanya noong isang araw. Katabi nito ang isang bakla na mukhang nagde-decorate sa lugar.

May istraktura na para sa magiging tent na tila malaking tolda sa gitna ng hardin.

“Ang ganda ng singsing ng babaeng nakaitim, o!” narinig niyang sabi ni Sigbina.

Hinayaan na lang niya ito. Dati ay napipilit siya nitong magnakaw. Ngayon ay hindi na niya ito pinapansin kahit anong maktol pa nito.

“Sige nga, bunutan mo ng isa para malaman natin kung gaano kakapal ang buhok,” narinig niyang sabi ng isang lalaki.

Lumingon si Nella at hayun sa isang mesa ang mga apo ng gobernador, nakatingin sa kinatatayuan niya. Nagtatawanan ang mga ito.

Nakita niya ang isang binatilyo na lumapit sa kanya. Tumayo ito sa likuran niya at wala man lang pasabing bumunot ng isang hibla ng buhok.

“Aray!” iyak ni Sigbina.

Malapad nga ang ngiti ng lalaki nang makabalik sa mesa.

Naramdaman niyang muntik nang mahulog ang kakambal. Napatingin siya sa mesa. Pinagpasa-pasahan ng mga okupante roon ang buhok. Sa galit ay matiim siyang tumingin sa mga ito.

Ang babaeng may maiksing buhok ay napatigil sa pagngiti nang mahagip ang titig niya. Natahimik ito at mukhang kinabahan.

Binawi na lang niya ang tingin at tinulungan ang bakla na kunin ang ibang dahon. Kulang daw ang

dala niya. Nagpaalam siya para makauwi at kumuha ng pandagdag. Pasakay na siya sa paragas ng kalabaw nang may marinig na bumahing.

Mukhang may magkakasakit.



Nag-aagahan si Matthew at ang mga kaibigan nito nang dumulog sa mesa si Lola Josa.

“Ano ba iyang Kuya Daniel n’yo? Minsan nga lang mag-80th birthday ang lolo n’yo pero trabaho pa rin ang inaasikaso. Nami-miss na namin siya. Tatlong family reunion na ang hindi pinupuntahan ng isang ’yon.”

“Hindi daw ba uuwi si Kuya?” tanong niya. “Huli naming pag-uusap ay uuwi raw, eh.”

“Binawi nga kagabi. May bagong client daw sila.” May negosyong Import-Export kasi si Daniel at palagi talaga itong busy sa trabaho. Minsan lang itong makapunta sa mga pagtitipon.

“Hanggang ngayon nga ay wala pa ring asawa,” patuloy ng kanilang Lola Josa. “Thirty-one na, eh. Inimbita ko nga ’yong si Daisy. Abogada rin ang apo n’un na si Marietta. Di ba nagdi-date sila dati n’un?”

Naaalala nga niya si Marietta. Ang alam niya, may dini-date si Daniel pero parang hindi seryoso. Ewan ba sa pinsan niyang iyon.

Natigil ang kanilang usapan nang dumulog si Ava sa lamesa. Namumutla ito.

“Ang sakit-sakit ng tiyan ko. Ilang ulit na akong nagpabalik-balik sa CR pero wala pa rin.”

“Bakit, anak, ano ba ang kinain mo?” tanong ni Lola Josa.

“Wala naman pong kakaiba. Puro gulay lang dahil vegetarian po ako.”

“Baka inusog!” sabi ng katulong na nag-aayos ng mga pagkain.

Nalungkot ang mukha ni Ava.

Tinapos na ni Matthew ang pagkain at tinanong si Ava kung ano ang nararamdaman.

“Parang nag-umpisa ito n’ung tiningnan ako ng bruha kahapon,” sumbong ng babae.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot, hindi kasi siya mahilig maniwala sa mga kulam-kulam. “Don’t worry, I’ll fix it,” sabi niya sabay haplos sa pisngi nito.

Isang ngiti ang sagot ng babae.

Pumunta siya sa kusina para magtanong sa kusinera tungkol sa mga bruhang nakatira sa bundok.

“Oo, nang-uusog ang mga ’yon. Ginalit n’yo ba?” anang kusinera.

Naalala niyang pinagtripan nila ang bruha kahapon. Puwes, kung nagalit ito sa kanila, dapat siya ang inusog nito at hindi si Ava.

CHAPTER *Three*

Narinig nga ni Nella sa radyo na may parating na tropical depression kaya hindi na siya nagulat nang umulan. Pero kahit madulas ang bundok ay nagpursigi pa rin siyang lumabas ng bahay at bumaba papuntang bayan pagsapit ng bukaang-liwayway dahil nga nangako siyang ihahatid ang mga dahon sa *Mansion Ybarra*.

May dala siyang itak na pamputol ng mga sangang naghambalang sa daan.

May narinig siyang bumahing.

“Saang lupalop ba tayo nand’un? Bakit malamig?” tanong ng nasa loob ng buhok niya.

Napailing na lang si Nella. Ngayon lang yata nagising ang kakambal niya. Doon na ito sa balikat niya natulog. Parang mainit ito. Baka nilalagnat.

“Hoy! Bakit mo ako dinala rito!” sigaw nito sa kanya. “Iuwi mo ako!”

Hindi niya ito pinansin. Marunong naman itong umuwi mag-isa kaya bakit ihahatid pa niya?

Nagdabog si Sigbina. Nakita niyang gumalaw ang isang malaking dahon ng bariw. Ginawa iyong payong ng kambal niya nang makababa. Ipinagpatuloy niya ang pangunguha ng mga dahon.

Nang masiyahan ay binuhat niya ang bungkos papunta sa kalabaw na nakasilong sa ilalim ng punong mangga.

Abala siya sa paghatak sa hayop habang naglalakad nang may tumama sa balikat niya. Napaluhod talaga siya sa sakit. Nakita niya ang isang buko ng niyog na nahulog sa gilid niya. Tumingin siya sa taas at nakita sa puno ng niyog ang dahon ng bariw.

Si Sigbina ang naghulog ng buko.

Hindi na niya sinigawan. Ipinagpatuloy na lang niya ang paggiya sa kalabaw pababa. Nahihirapan ang hayop dahil maulan pero pinilit niya.

Pagabi na nang makaalis siya sa mansion. Tinulungan niya pa ang baklang designer na magbuhat ng mga dahon kaya ginabi talaga siya. Nang matapos ay hinanap niya ang katulong para kunin ang bayad.

“Kulang na lang po ng P250. Tig-lima po kasi isang dahon dahil malalaki.”

“Sumama ka muna sa akin sa loob,” sabi ng katulong na masama ang tingin sa kanya.

“Basa po kasi ako,” aniya. “Okay lang ba?” nahihiya niyang tanong.

“Oo nga sabi, eh!”

Bumuntot siya sa katulong. Dumaan sila sa isang pasilyo papunta sa isang malaking silid na maraming tao. Pagpasok ay nakita niya agad ang kaaway na albularyo ng nanay niya. Hinawakan nito ang kamay ng babae na may hanggang balik na buhok.

“May ginawa ka yatang hindi maganda,” seryoso at galit na sabi ng isang apo ng gobernador. Iyong moreno na Matthew ang pangalan ayon sa kalendaryong pamaypay na nasa kanya dati. “Wala namang ginawa sa ’yo si Ava, ah! Kami ang nag-trip sa ’yo kaya dapat kami ang inusog mo.”

Hindi niya alam ang gagawin. Hindi nga siya sigurado kung makakausog siya o hindi dahil palagi siyang pinagsasabihan ng nanay niya na lampa raw at walang katale-talento.

“Lawayan mo ang tiyan niyan para tumigil sa pananakit!” utos ng albularyo.

Hindi siya nakagalaw. Utos kasi sa kanila ng nanay nila na kahit anuman ang mangyari, huwag daw silang maglalaway ng tiyan o kahit ano. Paano raw kapag gumaling pagkatapos nilang lawayan? Baka lahat na lang daw na sakit ay sa kanila isisi at madisgrasya pa sila.

Nangyari na sa kanya ito nang tatlong beses. Hindi talaga siya napilit na lawayan ang pinalalawayan.

Nagsumbong siya sa nanay niya at doon sila sa kapitan nag-rumble, pero hindi talaga siya nagpahid ng laway sa tiyan ng isang dating kaklase.

“Lawayan mo sabi, eh!” utos ng albularyo.

Hindi siya kumibo.

Ang albularyo ay lumapit at hinawakan ang mga daliri niya at dinala papunta sa kanyang bibig. “Ibuka mo ang bibig mo,” utos ng albularyo.

Umiling si Nella pero pinisil ng albularyo ang pisngi niya para mapabuka ang kanyang bibig. Isinuksok nito pagkatapos ang daliri niya papunta sa loob ng bibig niya at hinatak siya para malawayan ang tiyan ng babae. Ipinagtulakan siya nito palabas pagkatapos.

“Huwag na huwag ka nang babalik dito,” sabi ng albularyo.

Naramdaman niya ang matalim na tingin sa kanya ng lahat ng tao sa loob ng silid. Wala na siyang nagawa kundi ang mapayuko habang naglalakad paalis ng mansion.

Malakas man ang ulan ay iginiya niya ang kalabaw, at nang nakalabas ng gate ay saka siya napaluha. Marami na siyang naranasang pang-aapi pero siguro pagod na pagod lang si Nella ngayong araw kaya nagiging emosyonal siya. Naghalu-halo na nga ang luha niya, sipon at ang tubig-ulan. Parang wala siya sa sarili habang naglalakad, nakatingin sa daan. Dahil sa bigat ng pakiramdam ay hindi niya nakita ang kasalubong na sasakyan.

“Hoy, magpapakamatay ka ba?” sigaw ng driver na ibinaba ang bintana ng kotse.

Hindi na niya pinansin.

Napakunot-noo siya nang makita ang nakaupo sa likuran ng sasakyan. Nanghaba kasi ang leeg nito, parang sinisino siya.

Binawi niya agad ang tingin at iginiya na ang kalabaw. Marami na ang nangyari sa kanya ngayong araw para dumagdag pa ito sa kalbaryo niya.



Paggising ni Matthew ay dumerecho siya sa kusina. Kinuha niya ang karton ng gatas at saka dumulog sa hapag-kainan. Napamulagat siya nang mahagip ang isang bagong mukha sa lamesa.

“Kuya, I thought you’re not coming!” bati niya kay Daniel na nakaupo at nagbabasa ng newspaper.

Dalawang taon na silang hindi nagkikita nito. Mukhang nag-mature ang hitsura nito, siguro dahil sa sobrang stress sa trabaho.

“Well, I’m here now.” Hinalo nito ang tasa ng kape sa harapan nito.

“Kelan ka dumating? Bakit hindi ko nalaman?”

“You were busy with your friends and I was tired.”

“May naging problema kasi kami,” aniya. Hindi na nga niya napigilan ang sarili na magkuwento. “Do you remember iyong bruha na nagpakuwaan namin ni Cedrick? Inusog niya ang bisita ko kaya ’ayun, sumakit ang tiyan. Mabuti nga pagkatapos palawayan sa bruha

ay nawala na ang pananakit ng tiyan ni Ava.”

Napataas ang kilay ni Daniel bago nagsalita. “Matthew, malaki ang ginastos nina Tito Mike para sa pag-aaral mo. How come you believe in such nonsense? Iyong ibang taga-probinsya nga hindi naniniwala sa mga ganyan... And you are a Euro boy!”

Natawa si Matthew. “Hanggang ngayon ba ay kakampihan mo pa rin ’yon? Baka kayo ang magkatuluyan niyan. Ikaw rin. Mas masukal na ang buhok niya ngayon.”

Napaseryoso ang mukha si Daniel, halatang nainis. “You tried to kill her once at ngayon naman ay inaakusahan mo ng kung ano. Kung katapat n’yo ang ginawan n’yo ng ganyan, baka naipakulong na kayo.”

Nainis siya. “I know it was wrong the first time, but this time ako ang nasa lugar. Usug is evil kahit saan mo tingnan, and she has no right to do that to anyone.”

“Or let’s say hindi naman nang-uusog ’yon kung hindi na naman kayo nauna. Knowing you...” Napailing na lang si Daniel at hindi na dinugtungan pa ang sinabi. Binalikan na nito ang binabasa.

Hindi na siya sumagot.

Ganyan naman si Daniel. Pakiramdam nito, ito palagi ang tama. Ang masama pa, ito ang palaging kinakampihan ng lahat dahil nga ito ang pinaka-successful sa kanila.

Nawalan na si Matthew ng gana. Dumerecho na siya sa gym.

CHAPTER *Four*

Tulad ng inaasahan ni Nella ay siya ang nalintikan dahil nagkasakit ang sigbin. Kung anu-ano ang ibinunganga sa kanya ng ina habang pinapausukan ang kapatid na nakabalot ng tuwalya. Tinatrangaso.

Kapag si Sigbina ang nagkakasakit ay nininerbiyos si Oka Maring dahil ni hindi nila ito madadala sa ospital.

“Dahil ba sa ipinanganak kayong normal kaya kakawawain n’yo na siya?” walang katapusang sumbat sa kanya ng ina.

Tulad ng dati ay itinikom na lamang niya ang bibig. Bakit ba niya iindahin ang epekto at sakit niyon sa kanya, eh, milyong beses na yata na niya iyong narinig? Parang parte na ng hininga ng nanay niya na isumbat

sa kanya na naging normal siya habang si Sigbina ay kakaiba.

Lumabas na lamang siya ng bahay para makapagpahangin. Hindi pa siya nakakalayo nang makasalubong niya ang kubrador ng jueteng.

“Oy, Nella, meron ka bang *akapulko*?” tukoy nito sa isang halamang gamot. “Para sana sa eczema ng anak ko. Magkano ba ’yon?”

“Mura lang. Treinta. Huwag mo nang bayaran. Ipupusta ko na lang. Ocho-trese.”

Sumunod sa bahay nila ang kubrador at doon niya iniabot dito ang mga dahon. “Salamat, ha,” sabi nito bago nagpaalam.

Pumunta na lamang siya sa kulungan ng mga rabbit niya para maglinis. May order siyang tatlo para bukas. Dalawang daan ang benta niya sa isa. Pambili rin iyon ng bigas.

Noon dumating ang ate niya.

“Nella!” sigaw nito. “Excited ka na ba sa Sabado? Lahat invited sa birthday ni Gob. Lahat nga kami pupunta roon para naman makalapit sa mga apo. Ayy, si Cedrick talaga ang type ko. Gusto ko kasi may lahi.”

Isang mapait na ngiti ang pumunit sa bibig niya. Wala siyang mapagsabihan na may pinalawayan sa kanya roon sa mansion. Siguradong mag-aamok ang mga kapamilya.

Pumunta siya sa maliit na hardin para kumuha ng carrots na ipapakain sa mga rabbit niya. Umaabot

na sa cincuenta ang kanyang mga alaga at sa sunod na buwan ay gusto niyang makabenta ng marami dahil gusto niyang makabili ng alagang baka.

Kinaumagahan, bumangon siya nang maaga dahil idi-deliver niya ang mga alagang kuneho.

Nakasalubong niya ang kubrador. “Nella, nanalo ’yong numero mo!”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. “Totoo po?”

“Oo! Pumunta tayo ngayon kay Cabo para makuha mo ’yong walong libo.”

Natuwa siya sa narinig. Pagkatapos ng mga trahedya niya nitong mga nagdaang araw ay natawa siya nang malakas. Kaya siguro minamalas siya dahil may parating na suwerte.

Pumunta sila kay Cabo. Pito pala sa bayan nila ang nanalo. Kinausap siya nito na kung puwede ay bukas na lang niya kunin ang premyo niya dahil wala na raw cash. Wala namang problema sa kanya dahil hindi siya nagmamadali.

Sa sobrang excitement ay hindi muna siya umuwi sa kanila pagkatapos mai-deliver ang mga rabbit. Sumakay siya ng tricycle para makapunta sa highway sa kabilang bayan para hanapin ang ate niya. Doon kasi iyon tumatambay sa isang bar, naghihintay sa mga truck driver na magbibiglang-liko. Maraming kakilalang bakla iyon na may parlor.

“Umalis kanina si Edna kasama ng isang customer,” sabi ng isang kasamahan nitong bakla na nakabihis na

parang dyosa ng talahiban. May headdress ito na akala mo sasali sa beauty pageant.

Nagtanong na lang siya kung saan may malapit na parlor. Itinuro nito sa kanya ang isang kalsada. Lakarin niya lang daw nang dederecho at may makikita na siyang parlor.

Nilakad niya iyon at natagpuan nga ang isang dalaga na ginugupitan ng isang bakla. Nag-uusap ang dalawa tungkol sa gaganaping birthday party bukas ng gabi. Pupunta raw ang mga ito dahil guwapo ang mga apo ng gobernador.

“Ano po ang kailangan nila?” tanong ng bakla nang makita siyang napapatingin sa loob.

“Kuya, magkano po ang rebond n’yo rito?”

Napatingin ang bakla sa buhok niya at parang ninerbiyos. “Sa buhok mo ba? Naku, neng, baka mabali naman ang kamay ko bago ko ’yan matapos iplantsa.”

“Magbabayad po ako,” sabi niya.

“Apat na libo ’yan!”

Natahimik siya. Sabi sa labas 900 all length, pero siguro nga matinding labanan itong sa kanya kaya baka tamang presyo ang apat na libo.

“Sige po, bukas babalik ako.”

Tuwang-tuwa talaga siyang umuwi sa kanila. Sa isang iglap ay pinatawad na niya lahat ng taong nanakit sa kanya. Nang sumunod na araw nga ay ang aga niyang nagising. Ni-shampoo niya nang husto ang buhok at nilagyan pa ng conditioner. Alas ocho ay bumalik siya

sa Cabo at mabuti naman at may pera na.

Dumerecho siya sa parlor at bago inumpisahan ang pagre-rebond ay sinabihan siya ng bading na magbayad muna. Nagbigay naman siya ng pera at tatlong bakla ang *gumawa* sa buhok niya.

Ninerbiyos nga si Nella dahil matagal na niyang plano ito, wala nga lang siyang pera palagi. Pinuputulan naman niya ang buhok, kaso mabilis talagang humaba.

“Baka umabot sa sakong ’to. Kailangan nating bawasan.”

“Sige!” payag niya.

Napakapit nga siya sa upuan sa nerbiyos at excitement nang umpisahan nang gupitin ng isa sa tatlong bakla ang buhok niya. Ni-shampoo iyon pagkatapos at sinimulan ang pagplantsa sa buhok niya at paglalagay ng gamot.

May dumating pang isang bakla at ang kilay naman niya ang pinakialaman nito habang binibentahan siya ng kung ano-anong abubot.

Habang nagtatrabaho ang mga bakla ay ang 80th birthday party ng gobernador ang pinag-uusapan ng mga ito. Niregaluhan daw ng mayamang apo ang matanda ng beinteng lechong baboy at isandaang kaha ng beer para ihanda sa mga bisita.

“Libre kain na iyon at libre inom,” komento ng isa.
“Marami pang guwapo.”



Umaga pa lamang ay marami nang nagsidating

na mga kamag-anak at dating taga-suporta ang gobernador. Abala si Matthew sa pangungumusta sa mga kakilala. Matagal na siyang hindi nakauwi kaya tuwang-tuwa siya na makitang muli ang mga kaibigan. Dito siya nag-Kinder hanggang Grade 2, kung kailan nagkahiwalay ang mga magulang niya.

“That looks nice!” puri niya sa baklang designer, Ang ganda ng garden nila, nagmistulang fairy kingdom. Puring-puri nga rin ng kanilang mga bisita ang ayos.

“I want to ship that one back to Europe!” walang katapusang reklamo ni Cedrick sa kanya tungkol sa dala nitong Turkish belle. Hindi raw nito masakyan ang ugali ng babae nitong nagdaang mga araw.

Nasa isang tabi ang Turka, nagmumukmok at masama ang timpla ng mukha.

Ang dinig niya ay kinukumbinsi nito si Ava na umalis na at sa Maynila na lamang mamalagi pagkatapos nitong kasiyahan.

Ala una ng hapon, dumating ang in-order ni Daniel na beer kaya nag-umpisa nang mag-inuman ang mga bisita. Ipinahiwa agad ang tatlong lechon para may pulutan. Dahil mamaya pa tutugtog ang banda, ipinalabas na lang muna ang videoke at nagkantahan ang iba sa naroon. Maraming nakikiagaw sa mikropono.

Si Daniel ay nasa gilid lang, nakamasid.

Nang kumagat ang dilim, dumagsa ang tao. Punong-puno ang kanilang hardin. Ang iba ay sa

kalsada na lang nakatayo habang hawak ang mga pinggan ng pagkain. Humiram sila ng mga upuan at mesa mula sa barangay para may mapuwestuhan ang marami.

Tumutugtog na ang banda kaya mas sumaya ang gabi. Kasama ng mga kabarkada ay nakirakrakan sila sa gitna. Isinayaw nga niya si Ava. Humihingal silang naupo pagkatapos. Tumayo siya para kumuha ng inumin.

Nakalimutang isuot ni Matthew ang relo kaya hindi niya natukoy kung anong oras nahagip ng kanyang tingin ang isang matangkad na babae. Nakaputing damit ito at nag-iisa habang nakatingin lang sa mga nagsasayaw sa gitna.

Napakaganda nito, graceful ang mahabang leeg at maliit ang mukha. Sobrang haba rin at parang kumikinang ang buhok nito. Kahit siksikan ay nangingibabaw talaga ang aura nito na tila lahat yata ng malingunan niya ay napapatitig dito.

Para itong si *Maria Makiling* na bumaba mula sa bundok para makiusyuso sa kaganapan ngayong gabi.

“Who’s that girl?” tanong ni Cedrick habang hinahablot ang balikat niya.

“I don’t know. She doesn’t look familiar.” Lumapit siya sa isang bodyguard ng lolo niya para tanungin ito kung kilala nito ang babae.

Umiling ito. “Baka dayo!”

Nakita niyang parang papalapit dito si Cedrick kaya

mas binilisan niya. Bago nakalapit ang pinsan ay nasa tabi na siya ng babae.

“Hi! Mukhang hindi pa kita nakita rito, ah!” sabi niya.

Napayuko ang babae bago ito tumingin sa kanya. Sa malapitan ay nakita niyang wala itong makeup pero maganda talaga. Matangos ang ilong at bilugan ang mga mata.

Napangiti siya. Type niya ang mga mahiyain. “Taga-saan ka ba?”

“Taga-diyan lang,” sagot nito sa malumanay na boses.

“Nice!” ang sabi niya. Ibig sabihin madaling ligawan.

“Yang katabi ng lolo n’yo, pinsan n’yo rin ba?” tanong nito.

Tiningnan niya ang kanyang lolo na kausap si Mayor Espero. Si Daniel ang katabi ng matanda habang nakikipag-usap ito kay Marietta.

“Oo. ’Yan ang pinakamatanda naming pinsan, si Kuya Daniel.”

“Ah...” sabi lang ng babae.

“Bakit mo natanong? Kakilala mo ba si Kuya?” Napatingin nga siya sa direksiyon ng pinsan na nakatingin na rin sa kanilang direksyon. Naisip niyang baka magkakilala ang dalawa.

Umiling ang babae.

Mabuti naman. “Gusto mong kumain?” tanong

niya

Umiling ito ulit.

“Huwag ka nang mahiya.” Hinablot niya ang kamay nito at kinaladkad ito palapit sa mesa para mabigyan ng pinggan.

Mukhang nahiihiya man, kumuha rin ito ng kanin at ulam. Ikinuha niya ito ng upuan at tinanong kung ano ang pangalan.

Hindi ito sumagot.

“Susan?” hula niya.

Umiling ito.

“Faye? Thelma?”

Lahat inilingan. Pero imbes na mainis ay nahiwagaan pa siya. Nang matapos itong kumain ay pinilit niya itong lumapit sa dessert table.

Noon lumapit si Daniel sa kanya.

“Kulang ang beer natin. Hanapin mo si Ezekiel at magpabili ka ng isandaan pang kaha,” sabi ng pinsan niya.

“Later,” sabi niya. Masarap pa ang usapan nila ni Bb. Ganda, utusan ba naman siya.

“Now!” Daniel barked.

Wala na siyang nagawa kundi ang magpaalam sa katabi. “I’ll be back. You wait for me here, okay?”

Walang reaksiyon mula sa babae.

Hinanap ni Matthew si Ezekiel. Medyo natagalan siya bago nakita ito. Nang nakausap ang secretary ng lolo niya ay bumalik na siya kung saan niya iniwan si

Bb. Ganda. Nandoon pa rin ito nakatayo at nakatingin sa mga sumasayaw habang si Daniel ay nakaupo nang bahagya sa lamesa at tinitingnan ang likod ng babae. Parehong tikom ang bibig ng dalawa.

“Ezekiel is on his way so I am going to get my girl,” sabi niya kay Daniel bago kinaladkad si Miss Ganda papunta sa mesa na ipinahanda niya para rito.

Nang makaupo sila ay pinutakti niya ng mga tanong pero napakatipid talagang sumagot. Nakiupo rin sa kanilang mesa si Cedrick at nakihula rin ito ng pangalan.

Puro iling ang sagot ng babae.

“Where have you been all my life, ma’am? You’re so beautiful!” sabi ni Cedrick.

“Ubos na raw ang beer d’un sa *ML Trading*,” sabi ng kalalapit lang na si Daniel. “Maghanap ka ng mabibilhan.”

“Kung ikaw na lang kaya ang maghanap!” sagot ni Matthew rito.

“I am the one paying for everything, ako pa rin ba ang maghahanap?”

Kapwa sila napatayo ni Cedrick para sundin ang iniutos ni Don Pakwan. Iba talaga ang mapera, madaling makontrol ang lahat. Nagpaalam sila sa magandang binibini at naghanap ng mauutusan. Mabuti at nakita nila agad si Castor at ito ang kanilang pinaghanap. Mabilis silang bumalik sa dating puwesto pero wala na roon ang babae.

Inilibot nila ang mga paningin pero hindi talaga nila ito masumpungan. Si Daniel ay nasa tabi ni Marietta. Nilapitan nila ito para tanungin.

“Kuya, nasaan na si Bb. Ganda?” tanong ni Matthew.

“Nagpaalam na uuwi na.”

“Bakit mo hinayaan? Hindi pa namin alam ang pangalan niya.”

Walang isinagot si Daniel.

Umalis na lang sila ni Cedrick para hanapin ang binibini pero wala na talaga ito. Nagtanung-tanong sila at sabi ng mga nakapansin ay lumabas na nga raw ng gate. Wala na silang nagawa kundi ang bumalik sa kasiyahan.

Hindi bale, saloob ni Matthew. Hahanapin na lamang niya ito. Isang buwan pa halos ang bakasyon niya rito at puwede pa siyang mag-extend.



Nilalamig si Sigbina paggising niya. Napansin niyang wala na ang kanyang ina kaya wala siyang buhok na masilungan. Iginulong niya ang sarili para makababa sa higaang papag. Nang nasa sahig na ay umakyat siya sa higaan ni Nella na natutulog at balot na balot ng kumot. Pumasok siya sa kumot at doon pumuwesto sa buhok ni Nella para doon magpainit. Ipinikit niya ang mga mata at muling napunta sa mundo ng panaginip.

Nananaginip si Sigbina na nakahimlay raw siya sa napakalambot na seda habang hawak ang isang

napakalaking lollipop na kulay pula at walang-sawa iyong nginangatngat.

At napamulat ang mga mata niya.

Buwisit! Kung kelan sarap na sarap siya sa panaginip saka siya magigising. Nakita niyang may kaunting liwanag na tumatagos sa mga siwang ng bintana. Siguro malapit nang mag-alas seis.

Gumulong siya para balutin ang sarili ng buhok nang may napansing nakakaiba. Una, parang mabango iyon, parang amoy gamot at amoy mamahaling shampoo. Ikalawa, parang iba ang tekstura ng buhok. Inilapit niya ang ilang hibla sa kanyang mga mata.

Madilim sa loob ng kumot, pero ramdam na ramdam niya sa mga palad na ibang buhok itong hinahawakan niya. Mabilis siyang bumangon at hinatak pababa ang kumot. Napatalon siya sa gulat at takot nang makita ang isang babaeng may straight na buhok.

Nagtago siya sa isang panig ng katre at dahan-dahang itinaas ang ulo para tingnan kung sino itong estrangherong nakahiga sa higaan ni Nella. Ang takot niya ay napalitan ng pagtataka.

Parang si Nella, pero... bakit maganda?

Dahan-dahan siyang lumapit para matitigan nang husto ang babae. Saka siya napasigaw.

“Nanaaaayyyy!” iyak niya nang buong lakas.

“Ano ba ’yan, kaaga-aga!” galit na sabi ni Oka Maring sa kanya.

Mukhang nakauwi na rin ito.

Itinuro ni Sigbina ang nagising ding si Nella. Siguradong nabulahaw ito sa sigaw niya.

“Sino bang p@#\$\$%& sumisigaw nang kay aga-aga?” galit na sigaw ng ate nila.

Ang nanay nila ay nanlaki ang mga mata nang napatingin kay Nella.

Naninibago si Sigbina dahil nag-iba talaga ang hitsura ng kakambal niya. Parang gumanda. Nakaramdan siya ng matinding inis. Napaiyak siya sa pagmamaktol.

Hinablot ng nanay nila ang buhok ni Nella. “Bakit mo ipina-straight ang buhok mo? ’Yan na nga lang ang matataguan ng kapatid mo para makalabas-labas siya ’tapos ipinaputol mo naman at pina-rebond! Kung di ka ba naman suwail at makasarili!”

“Masakit po, Nay!” iyak ni Nella sa pagkakasabunot ng nanay nila.

“Bina, kunin mo ang gunting! Kung wala rin lang silbi ’to ay mas maiging putulin na lang!”

“Nay, huwag po!” pagmamakaawa ni Nella.

Tuwang-tuwa naman siyang naghanap ng gunting. Wala sa lagayan kaya gumapang siya sa ilalim ng mga papag para hanapin iyon at mabuti na lang at nakita niya. Iniabot niya iyon sa ina.

Nagpumiglas naman si Nella para masagip ang buhok nito.

“Bina, hawakan mo ang mga paa!” sigaw ng nanay nila.

Mabilis niyang hinawakan ang mga binti ng kakambal.

“Ate!” hingi ng tulong ni Nella sa nakatatanda nilang kapatid.

Isang taas ng kilay at naiinis na tingin lang ang isinagot ni Edna rito bago ito lumabas ng bahay at malakas na isinara ang pinto.

Hindi na nagsayang ng pagkakataon ang ina nila. Hinabas agad nito ng gupit ang buhok ni Nella. Parang manok na kakatayin na nagpumiglas ang kakambal niya hanggang sa makita nitong nahuhulog ang ginupit na buhok nito.

Napatigil ito sa kagagalaw at napayuko kaya naging mas madali para sa ina nila na kalbuhin ito. Sandaling guntingan pa at bumulaga na ang anit ni Nella. Nagmukha itong binalatang manok.

Napatago naman siya sa kumot para itago ang ngisi niya dahil baka masipa siya ng ina. Nakakatuwa talagang tingnan si Nella na nakahandusay sa sahig at mukhang talunan. Wala na nga itong nagawa kundi ang mapahikbi.